



もうすぐ一年生

Magiging Grade 1 na ako!

こどもの なまえを にほんの もじで かいて みましょう。
Isulat ang pangalan ng estudyante sa sulat Japanese.

Paghahanda bago magpasukan

Paghahanda ng puso at isip

1. Huwag sobrang magaalala ang magulang na “Dapat ay perpekto na lahat bago mag pasukan.”
2. Ang pinaka mahalaga ay ang kalusugan ng inyong anak.
3. Ang unang dapat isagawa ay makondisyon sa tamang pamumuhay eskwela ang bata.
4. Huwag gawin lahat ng magulang para sa anak. Turuan siyang maging independent.
5. Isa sa mahalagang trabaho ng bata ay ang paglalaro.
6. Magbigay ng oras para sa bonding ng pamilya.
7. Alamin ang tamang daanan papunta sa eskwela.

Mahalagang gawin bago magpasukan

1. Sanayin ang inyong anak na gumawa ng mga bagay para sa sarili niya.
2. Sanayin ang inyong anak na magsuot at maghubad ng sarili niyang damit.
3. Turuan ang inyong anak na maglinis at magligpit ng mga bagay na ginamit niya.
4. Sanayin ang inyong anak na maghilamos ng mukha at magsipilyo ng ngipin niya.
5. Sanayin ang inyong anak na maghugas ng kanyang mga kamay bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo.
6. Sanayin ang inyong anak na magsabi ng kanyang saloobin at mahahalagang bagay (katulad halimbawa kapag may problema siya o kung may nakalimutan siya o kung may nahulog na bagay, kung kailangan niyang pumunta ng banyo, o kung masakit ang ulo niya o kaya naman tiyan, atbp.)
7. Sanayin ang inyong anak na ubusin ang anumang pagkaing inihain sa kanya, kahit hindi niya ito gusto, at kumain sa loob ng dalawampung (20) minuto.
8. Siguruhing kaya ng inyong anak na sabihin ng malinaw ang kanyang pangalan, tirahan, pangalan ng magulang niya, at numero ng telepono nila.
9. Sanayin ang inyong anak na sumagot ng “hai” kapag tinawag ang pangalan niya.
10. Sanayin ang inyong anak na gumising at matulog ng maaga.
11. Siguruhing ang inyong anak ay marunong magbasa ng karatula at signal sa kalye, at marunong tumawid ng maayos.
12. Siguruhing ang inyong anak ay marunong makipaglaro ng magiliw sa iba.
13. Siguruhin na ang inyong anak ay marunong humawak ng lapis at *chopsticks* ng wasto.

Bago magpasukan ay kaya ba nyang mag ~ ?

	Content	Oo	Hindi
1	Kayang basahin at isulat ang kanyang pangalan.		
2	Kayang tumingin sa taong nagsasalita at makinig ng tahimik.		
3	Alam kung saan ang kaliwa at kanan.		
4	Alam ang mga klase ng kulay.		
5	Kayang mag tupi ng papel.		
6	Kayang mag tali.		
7	Kayang mag gupit.		
8	Kayang mag piga ng basahan.		

Mga gamit sa eskwela.

◆MGA DAPAT IHANDA SA BAHAY



“Fude-bako”
Lalagyan ng mga Lapis



“Shita-jiki”
Plastic na nilalagay sa ilalim
ng papel na susulatan



“Keshi-gomu”
Pambura



“Uwagutu”
Sapatos panloob
gamit sa loob ng paaralan



“Enpitsu”/Mga Lapis
(5 lapis na diinB
at 1 pulang lapis)



“Hashi” and “hashi-bako”
Chopsticks at lagayan nito



“*Kyūshoku-yō-fukuro*”
Bag para sa gamit pang lunch



“*Taiiku-kan shoes*”
Sapatos pang-gym at
supot nito



“*Taiiku-bōshi*” /Sombrero sa gym
Baliktaran na pula at puti

◆ **MGA BAGAY NG BIBILHIN NG ESKWELA. (Ipapamigay ito sa araw ng enrollment. Kailangan ninyo itong bayaran sa ibang araw.)**

- **Nōto: Notebook**
(Nihonggo (*kokugo*), Matematika (*sansū*), walang linyang *notebook* (*jiyūchō*), *notebook* para sa komunikasyon ng magulang at guro (o ang tinatawag na “*renraku-chō*”))
- **Kurepasu, iro-enpitsu:** Mga Krayola, mga lapis na pangkulay (12 na kulay)
- **Kakikata-pen:** Marker para sa pagsasanay sa pagsulat
- **Sero-teepu:** Scotch tape
- **Nendo:** Clay (Pati lalagyan)
- **Nendo-ita:** Clay mat
- **Renraku-bukuro:** Supot na lalagyan ng Renrakucho notebook
- **Hasami:** Gunting
- **Namae-pen:** Felt-tip marker
- **Seiri-bako:** Kahon na lagayan ng mga gamit sa silid aralan.

*Ang mga pangunahing libro ay ibibigay ng libre, ngunit may ilan na kailangan bayaran.

◆ **Kasuotan:**


- **Damit:** Walang uniporme. Pasuotin ang inyong anak ng damit na komportable na madali niyang isuot at hubarin mag-isa.
- **Sombrero:** Dilaw na sombrero para sa kaligtasan. (Meron itong sagisag ng paaralan.)



- **Rubber shoes:** Sapatos na komportable at kaya niyang isuot mag-isa.

- Name tag
- Damit pang-gym (mahaba/maiksing manggas), short na pang-gym, sombrero pang-gym (May damit pang-itaas na mahaba ang manggas at pantalon para sa taglamig.)
- Sapatos na pang-gym (Ginagamit sa loob ng gym. Iniiwan ito sa silid-aralan.)
- Gamit pang-ulan: Pumili ng matinkad na kulay na madaling makita, tulad ng dilaw. (Iwasan ang mga natutuping payong.)

Mga gamit na kailangan sa pagpasok sa paaralan araw-araw



Mga bagay na hindi maaaring dalhin sa paaralan:

Mga abubot at alahas (Hikaw, singsing, kuwintas, atbp.), Miryenda (tulad ng biskuwit, gum, kendi), cellphone, baraha, (at iba pang katulad nito), *video games* (PSP,DS, atbp.)

Iba pa

- (1) I-check lagi ang laman ng Bag(randoseru) at Renraku-chō. Ipasa agad ang mga mahahalagang papeles sa eskwela.
- (2) Sulatan ng pangalan ang lahat ng gamit.

Pagiingat at pag-aalaga sa kalusugan.

Resulta ng Medical Check-up

- Kapag may sirang ngipin
- Kapag malabo ang mata.
- Atopic dermatitis(Allergy sa balat)
- Tonsillar hypertrophy(Malaki ang tonsil)
- Hindi normal ang pang-rinig
- Iba pa (Heart murmur)

★ Kapag may nakitang hindi magandang resulta sa kalusugan o sa katawan ay ipakita sa espesyalistang doctor.

★Ang malusog na pangangatawan ang pinaka basic sa buhay eskwela. Siguraduhin na nasa magandang kondisyon ang katawan ng bata kapag papasok sa eskwela.

Mensahe mula sa Clinic room

- (1) Ipapaalam sa magulang ang resulta ng Growth measurement (3 beses sa isang taon) sa pamamagitan ng Growth record “Health notebook”. Gaganapin ang ccheck-up na suot ang P.E. uniform.
- (2) Kapag nasugatan o na aksidente na sakop ng National Agency for the Advancement of Sports and Health (Kailangan ipakita sa doktor)
 - Itong sistemang ay para ibalik sa magulang ang partial na halaga na nagastos sa hospital. Isang bayaran ito sa isang taon (460yen). Lahat ng bata ay pinapasali dito.

★Kapag pupunta sa ospital mula sa eskwela

Dadalhin ang bata sa ospital na isinulat ng magulang sa Emergency card.

Kailangan na kasama ang magulang.

Merong situwasyon na hindi magagamot ang estudyante kapag walang kasamang magulang.

★Ipaalam kaagad sa guro kapag nagkasugat o nagkasakit ang inyong anak sa paaralan at idinala niyo sya sa ospital.

(3) Iba pa

*Pagpapahiram ng damit


Kapag nadumihan ang damit ay magpapahiram ang eskwela. Kapag pinahiram siya ng underwear ay bago ang ipapahiram sa kanya kaya dapat din ay bagong bili din ang ibabalik sa eskwela..

★Kapag napapa-ihing parin ang inyong anak ay padalhan siya ng extrang underwear sa kanyang bag. (Para magamit kapag siya ay napaihi)

Tungkol sa School Lunch

Hindi gumagamit ng asin at paminta sa pagkain sa eskwela. Madalas gamitin na pampalasa ay miso, toyo, asukal at mirin. Kapag sa umpisa ay maninibago ngunit dapat kumain kahit pakonti konti para masanay sa lasa.

May tanghalian(*Kyuushoku*) na hinahanda ang eskwela. Sabay sabay kakain ang guro at ang magkaklase sa silid paaralan. Estudyante ang maghahain nito depende kung sino ang in-charge sa lingong iyon.



Kapag naging in-charge sa school lunch, dapat iuwi ang Apron set (sumbrero • apron • mask) sa araw ng biyernes, lalabhan sa bahay at dadalhin sa eskwela sa araw ng lunes.

Kapag may school lunch ay magdala araw araw ng chopstick, (spoon at fork) at table napkin. Araw araw din ito iuuwi at huhugasan sa bahay.

Labhan din araw araw ang table napkin.

Para sa mga bagong enroll na Grade 1 ay masmatagal ng isang lingo maguumpisa ang school lunch ikompara sa ibang baitang.(Ikagitna ng Abril)

May Menu na papel ang ibibigay kada buwan.

PAG-PASOK AT PAG-UWI

Sa Japan ay nakatakda ang papasukan mong eskwela depende sa inyong tirahan. Para maiwasan ang aksidente ay sabay sabay papasok sa eskwela kasama ang grupo at dapat ay dadaan sila sa iitinakdang safe na daanan kapag papasok at kapag uuwi. Minsan ay may in charge na magulang na nakatayo at nagbabantay sa daan habang tumatawid ang nga estudyante. Ang grupo na kasabay sa paglalakad ay binuo sa mga estudyante na malalapit ang bahay. Itanong sa Group leader(hanchou) kung saan at anong oras dapat magkita araw araw kapag papasok. Kapag nagkasakit o may ibang lakad at hindi makakapasok sa eskwela ay isulat sa message notebook(renrakucho) ang rason at ipadala sa group leader. Isusulat ng guro ang schedule para sa susunod na araw at ibabalik sa group leader at saka ibabalik sa inyo ang message notebook.

Kung iiwan sa bahay paalagaan ang bata bago oras sa eskwela at ihahatid nalang ito ng bus ay ipaalam sa eskwela ang contact number ng paalagaan.

Ipaalam din kung nag iba ng institusyon ng paalagaan. Magulang dapat ang makipag usap sa bahay paalagaan sa oras ng panhatid at pagsundo sa bata.


Kapag umaga ay maglalakad kasama ang grupo papunta sa eskwela.(Dapat ay bago mag8:10 ay nasa eskwela na)

Ipaalam namin ang pangalan ng grupo, lugar at oras ng tagpuan sa pamamagitan ng upper grade na estudyante.

Pakisamahan ang inyong anak na maglakad sa tamang daanan papunta sa eskwela at ituro na dapat ay sa kanan naglalakad, pagbasa sa traffic light, pagtawid at ituro huwag gagawa ng delikadong bagay. (Siguraduhin na icheck ang kaligtasan ng inyong anak)

Kapag nagpasukan na ay sasamahan muna ng mga ilang araw ng guro ang estudyante kapag sila ay uuwi hangang sa kalagitnaan layo.

Watawat pang kaligtasan sa pagtawid (*Hata tōban*)



Para masigurado ang kaligtasan ng mga estudyante ay nagtutulungan ang mga magulang na nakatayo sa daan tawiran o delikadong lugar. Gumagamit ang mga magulang ng dilaw na watawat sa pagaalalay sa mga batang naglalakad. Kapag natapos ang iyong schedule ay ipapasa ito sa bahay ng susunod na in-charge. (Walang problema kahit ilagay lang ito sa labas na pintuan)

Oras ay mula 7:30 hangang 8:00 ng umaga na 30 minuto. Sa isang taon ay dalawa o tatlong

beses ka magiging in-charge nito. Kapag hindi ka pwede sa araw ng iyong nakatakdang araw ay maaari kang magpapalit sa ibang tao. Ibibigay ang schedule ng PTA ang papel ng schedule na nakasulat ang araw at lugar at pangalan ng lahat ng magiging in charge.

Sistema ng Direktang Pagbabawas ng Pambayad sa mga Gastusin sa Paaralan (Direct Debiting System o DDS)

Paano mag-proseso ng Automatic Bank Account Transfer (DDS)

- (1) Magbukas ng *account* sa pangalan ng guardian sa banko na kasosyo ng paaralan (nakalista sa ibaba). Kung meron na kayong *account* sa isa sa mga banko sa listahan, hindi na ninyo kailangan magbukas ng panibago.

Mga banko na kasosyo ng paaralan:

- (2) Magdeposito ng sapat na pera sa inyong *account* para sa mga gastusin sa paaralan tuwing ika() araw ng buwan.
 - Ipapaalam namin sa inyo kung magkano ang kailangan ninyong bayaran sa katapusan ng bawat buwan sa pamamagitan ng inyong anak.
 - Siguruhing may sapat na pondo ang inyong *account* , at isaalang-alang ang mga araw ng Sabado, Linggo at iba pang araw na sarado ang banko.
- (3) Kukunin ang halaga ng bayarin sa pamamagitan ng *automatic bank transfer* sa ika() araw ng bawat buwan.
 - Ang perang pambayad sa mga gastusin ng inyong anak sa paaralan ay direktang ililipat mula sa inyong *account* papunta sa *account* ng paaralan katulad ng *automatic bank transfer* para sa inyong bayarin sa tubig, kuryente at bill ng telepono.
 - Ang halaga ng perang nailipat ay maitatala sa “*Gakuhi Jidō Furikae no Oshirase*” (abiso ng paglipat ng bayad para sa gastusin sa paaralan).
 - Aabisuhan kayo ng paaralan kapag hindi nila mailipat ang pera dahil hindi sapat ang pondo sa inyong *account*.

Pamamaraan ng pag gawa ng Automatic Bank Account Transfer (DDS)

- (1) Sundan ang halimbawa kung paano punan ang *form*. Gumamit ng bolpen at diinan maigi.
- (2) Pagkatapos nito, dalhin ang tatlong pahina ng *form* sa isa sa mga banko na nakalista sa itaas.
- (3) Gamitin ang stamp (*inkan*) na inyong ginamit sa pagbukas ng *account* sa una at ikalawang pahina (pages 1 and 2). Huwag isulat ang *class* (kumi) at *student number* (bango) ng inyong anak. Ang paaralan ang magsusulat ditto.
- (4) Susuriin ng banko kung tugma ba ng ang pangalan ng may-ari ng *account* at ang *stamp* (*inkan*), atbp. Mamarkahan nila ang pangalawa at pangatlong pahina (pages 2 and 3) at ibabalik ito sa inyo. Dalhin at isumite ninyo ang mga ito sa paaralan.

Paalala: Kailangan gamitin ang *stamp* (*inkan*) na ginamit sa pagbukas ng *bank account* para sa *form* na ito.

Pagsulat ng Renrakucho(Message notebook)

◆Tandaan ang mga vocabulary na nasa ibaba

Wikang hapon	KOKUGO	Homeroom	GAKKYŪ
Math	SANSŪ	Mabuting asal	DŌTOKU
Musika	ONGAKU	Kabuhayan Grade 1-2	SEIKATSU
Sining	ZUKŌ	Araling pantahanan Grade 5-6	KATEIKA
P.E.	TAIKU	Araling panglipunan Grade 3-6	SHAKAI
Espesyal na aktibidad	SŌGŌ	Science Grade 3-6	RIKA
Ingles	EIGO		

- Club(Sports、 Science、 Game , atbp). Grade 4,5,6
- Bukatsu (Pagsasanay na Club)(Track and field, Swimming, Volleyball, Soccer, Music) Grade 4,5,6

Sa elementarya ay may Kokugo(Wikang hapon), Sansuu(math), Rika(Science), Shakai(Araling panlipunan), Eigo(Ingles), Ongaku (Music), Zukou(Sining), Taiiku (P.E.)

Ngunit kapag Grade 1 at 2 ay ipagsasama ang pagaaral ng Science at Araling panlipunan sa pamamagitan ng Subject na Seikatsu(Kabuhayan).

Sa Grade 5 at 6 ay pagaaralan magluto at magtahi at ang buhay sa isang pamilya sa pamamagitan ng Kateika(Araling pantahanan)

Sa Ongaku(Musika) ay magaaral mag Pianica at Harmonika sa Grade 1 at 2. Kapag Grade3 ay pagaaralan ang Flute.

Sa Sining ay gagamit ng Enogu(Waterbased paint) sa pagdrawing at gagamit ng ibat ibang materlayes sa craft. Sa Grade 4 naman ay magaaral mag engrave ng woodcut.

Bumili lamang ng mga kagamitan na ito kapag sinabi ng guro. Kapag hindi alam kung saan makakabili ay magtanong sa guro.

Ang damit para sa P.E. ay iba ang disenyo bawat paaralan. Itanong sa paaralan kung saan makakabili nito at ihanda habang maaga palang.

Sa oras ng P.E. ay magaaral din lumangoy kaya maguumpisa ang swimming class sa kalagitnaan ng buwan ng Hunyo. Kakailanganin ang swimming attire. Meron ibang paaralan na nagbebenta sa paaralan nito.Ang lahat ng paaralan ay may Swimming pool at gumagamit ng malaki o maliit na swimming pool depende sa baitang.Ipasali ang inyong anak sa swimming class kung hindi naman siya pinagbabawalan ng doktor.

Merong ding Sougou(Espesyal na aktibidad) at pag aaralan mag research at gamitin ang kanilang pinagaaralan sa ibang subject.

Pagliban(*absence*) ng Inyong Anak sa Paaralan

Kung hindi makapasok ang inyong anak, siguruhin na ipaalam sa guro niya sa pamamagitan ng pagtawag sa paaralan o kaya pagsulat sa *notebook* na pang komunikasyon (*renraku-chō*). Kung kinakailangan naman niyang umuwi ng maaga dahil sa personal na dahilan o kapag sumama ang pakiramdam niya, kailangang sunduin siya ng magulang / tagapag-alaga sa paaralan. Hindi papayagan ng paaralang umuwi ang inyong anak na mag-isa.

Japanese	Kahulugan	Paano Isulat
けっせき します	Liliban sa klase ang aking anak.	Kesseki shimasu
ちこく します	Mahuhuli ng pasok ang aking anak.	Chikoku shimasu
そうたい します	Uuwi ng maaga ang aking anak.	Sōtai shimasu

Dahilan

ねっ	lagnat	Netsu
はきけがする	nasusuka	Hakike ga suru
せき	inuubo	Seki
かぜ	sinisipon	Kaze
あたま が いたい	masakit ang ulo	Atama ga itai
みみ が いたい	masakit ang tainga	Mimi ga itai
は が いたい	masakit ang ipin	Ha ga itai
けが を した	nasugatan	Kega o shita
びょういん に いく	pupunta sa ospital/klinika (magpapatingin sa doktor)	Byōin ni iku
ようじ がある	personal na dahilan	Yōji ga aru
おなか が いたい	masakit ang tiyan	Onaka ga itai

◆Mga Halimbawa

Halimbawa 1: (Isulat) ***Kesseki shimasu. Kaze desu.***

Kahulugan: Liliban ang aking anak sa klase. Siya ay sinisipon.

Halimbawa 2: (Isulat) ***Chikoku shimasu. Byōin ni iku.***

Kahulugan: Mahuhuli sa pagpasok ang aking anak. Magpapatingin siya sa doktor.

Halimbawa 3: (Isulat) ***Sōtai shimasu. Yōji ga aru.***

Kahulugan: Uuwi ng maaga ang aking anak sa personal na kadahilanan.

- * **Gusto lamang siguruhin ng paaralan na alam ng magulang ang pagliban ng kanilang anak.**
- * **Sa bansang Hapon, ang mga bata ay dapat nasa paaralan maliban lamang kung may sakit. Kung maari ay iwasan ang pagliban o pagabsent dahil sa personal na dahilan.**

Kung alinman sa mga sumusunod na impormasyon ay magbago, maaring ipaalam agad sa guro ng inyong anak sa lalong madaling panahon. Kailangan alam ito ng paaralan sakaling may mga katanungan sila para sa inyong anak, o kaya naman kung sakaling masaktan ang inyong anak at kailangan dalhin sa ospital.

- ◆ Kapag nagbago ang numero ng telepono sa bahay o *cellphone*.
- ◆ Kapag nagbago ang inyong pinagtatrabahuhan, numerong dapat tawagan kapag may *emergency*, at numero ng inyong *health insurance*.
- ◆ Kapag nagbago ang paalagaan ng inyong anak, at kung nagbago ang paraan ng pagpasok at paguwi .

Kapag lumipat kayo ng tirahan, o kung aalis kayo ng bansa.

Pagtulong ng magulang sa Homework ng mga anak



Kailangan magbasa ng libro araw araw ang inyong anak, Pakingan siya habang nagbabasa.

Kailangan na ipasulat sa kanya araw araw ang Hiragana, Katakana o Kanji sa Notebook.



Subaybayan habang nag-aaral ng inyong anak, (Tabihan siya at alalayan)
Gumamit na Dictionary at tandaan ang ibat ibang bokabularyo.

Turuan siya ng numero sa wikang hapon.
Pagbibilang
Addition at Subtraction
Pag aralin ang inyong anak araw araw.

